
PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

DEPARTMENT OF EDUCATION REGION III
Matalino St., D. M. Government Center, Maimpis
City of San Fernando (P)

# PAGPAPAKITA NG MALASAKIT SA KAPWA SA IBA'T IBANG PARAAN

## for EsP Grade Two



SELF LEARNING KIT

Published by the
Department of Education
Region III, Central Luzon

**Copyright @ 2017**
By LG & M Corporation

**Copyright Notice:**

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

**“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency of office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit”**

## PAUNANG SALITA

**Sa mga Mambabasa:**

Isa sa mga problema ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang ay ang kakulangan sa mga kagamitan para matuto.

Bilang tugon sa problemang ito, ginawa ng may akda ang Self -Learning Kit na ito. Ito ay kagamitan sa pagkatuto na makatutulong sa mga mag-aaral na maipakita ang kanilang pagmamalasakit sa kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan.

Ang may akda ay umaasa na sa tulong ng Self-Learning Kit na ito ay lalong maintindihan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagmamalasakit sa kapwa.

**LAYUNIN:**

Makapagpakita ang mag-aaral na gagamit ng Self-Learning Kit na ito ng pagmamalasakit sa kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan.

**LEARNING COMPETENCY:**

Nakapagpapakita ng pagmamalasakit sa kasapi ng paaralan at pamayanan sa iba't ibang paraan. EsP2P-IIh-I-13.

**I. ANO ANG NANGYARI?**

Tingnan ang mga lawaran sa ibaba. Lagyan ng tsek ( / ) ang patlang ng mga larawan kung ito ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa at lagya ng ekis ( x ) kung hindi.




1. ______




2. ______



3. ______



4. ______



5. ______

## II. ANO ANG DAPAT MALAMAN?

**A.** Basahin mo ang Kuwento sa ibaba. Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang kuwento.

### Ang Batang Mapagmalasakit na si Erik

Mayroon isang mag-aaral na kinagigiliwan ng kaniyang mga guro at mga kamag-aral dahil siya ay mapagmalasakit sa kanyang kapwa. Ang pangalan ng mag-aaral na ito ay Erik. Isang araw siya ay nakikipaglaro ng habulan sa kanyang mga kamag-aral na sina Mark, Peter at Joseph. Biglang nadulas si Mark. Pinagtawanan siya nina Peter at Joseph. Pero si Erik ay agad siyang tinulungang tumayo. Sinabi ni Erik kina Peter at Joseph na ang taong nasaktan ay hindi dapat pagtawanan kundi ay dapat tulungan. Agad naman humingi ng tawad sina Peter at Joseph kay Mark. Tinulungan nilang makatayo si Mark at sinamahan siyang pumunta sa klinika ng kanilang paaralan.



1. Sino ang batang mapagmalasakit sa kanyang kapwa sa kuwento?
   a. Alex
   b. Rodel
   c. Erik

2. Sinu – sino ang mga tumawa ng madulas si Mark?
   a. Peter at Joseph
   b. Erik at Mark
   c. Ben at Allan

3. Ano ang nilalaro nina Erik, Mark, Joseph, at Peter?
   a. taguan
   b. habulan
   c. bahay-bahayan

4. Bakit kinagigiliwan si Erik ng kanyang mga guro at mga kamag-aral?
   a. Dahil siya ay mayabang.
   b. Dahil siya ay mapagmalasakit sa kanyang kapwa.
   c. Dahil sinasaktan niya ang kanyang mga kamag-aral.

5. Ano ang gagawin mo kapag nadapa ang kalaro mo habang kayo ay naglalaro?
   a. Tutulungan ko siyang tumayo.
   b. Pagtatawanan ko siya.
   c. Iiwan ko siya.

**B.** Basahin mo ang kuwento sa ibaba. Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang kuwento.

## Ang Batang Matulungin na si Analyn

Habang pauwi sa bahay si Analyn galing sa paaralan ay nakakita siya ng isang matandang babae na nahihirapan sa pagbibitbit ng supot na may lamang mga mangga. Sa sobrang bigat ng mga mangga ay nabitawan ng matanda ang supot. Nahulog at nagkalat ang mga mangga sa daan. Agad siyang tinulungan ni Analyn na pulutin ang mga manggang nagkalat. Natuwa ang matanda kay Analyn kaya naman binigyan niya ito ng isang mangga. Hindi ito tinanggap ni Analyn. Sinabi niya sa matanda na hindi niya kailangang bigyan pa siya ng mangga. Ang pagtulong niya ay hindi nangangailangan ng kapalit. Masaya siya at nakatulong siya sa kanya. Dahil sa ipinakitang kabaitan ni Analyn ay mas lalong natuwa ang matanda sa kanya. Masayang umuwi ng bahay si Analyn dahil may nagawa siyang kabutihan sa matandang babae.



1. Sino ang nakita ni Analyn habang pauwi siya sa bahay galing paaralan?
   a. matandang lalake
   b. batang babae
   c. matandang babae

2. Ano ang bitbit ng matandang babae?
   a. supot na may lamang mangga
   b. supot na may lamang bayabas
   c. supot na may lamang ubas

3. Ano ang nangyari sa mga manggang bitbit ng matandang babae?
   a. kinain ng aso
   b. kinain ni Analyn
   c. nahulog at nagkalat sa daan

4. Bakit lalong natuwa ang matandang babae kay Analyn?
   a. Dahil nagpakita ng kabaitan sa kanya si Analyn.
   b. Dahil kinain lahat ni Analyn ang mga mangga.
   c. Dahil binili lahat ni Analyn ang mga mangga.

5. Ano ang gagawin mo kung ikaw ang nakakita sa matandang babae habang siya ay nahihirapan sa pagpulot ng mga mangga niyang nagkalat sa daan?
   a. Tutulungan ko ang matandang babae sa pagpulot ng mga nagkalat na mangga.
   b. Pagtatawanan ko ang matandang babae.
   c. Hindi ko papansinin ang matandang babae.

## III. ANO ANG NATUTUNAN?

Ano ang dapat mong gawin sa mga sumusunod na sitwasyon. Piliin ang titik ng iyong sagot.

1. Nahihirapan sa pagtawid sa daan ang isang matandang lalake.
    a. Tutulungan kong tumawid ang matandang lalaki.
    b. Hahayaan ko lamang mahirapan ang matandang lalake.
    c. Pagtatawanan ko ang matandang lalake.

2. Nangangailangan ng lapis ang iyong kamag-aral.
    a. Hindi ko siya papansinin.
    b. Tutuksuhin ko siya.
    c. Pahihiramin ko siya ng lapis.

3. Nadapa ang iyong kamag-aral habang kayo ay naglalaro.
    a. Pagtatawanan ko siya.
    b. Tutulungan ko siyang tumayo.
    c. Isusumbong ko siya sa aming guro.

4. Nahihirapang maglinis ng bahay ang iyong nanay.
    a. Panunuorin ko siyang maglinis.
    b. Lalo pa akong magkakalat sa bahay.
    c. Tutulungan ko siya sa paglilinis.

5. Mayroong isang matandang babae na nahihirapan sa bitbit niyang mabigat.
    a. Tutulungan ko ang matandang babae.
    b. Hindi ko siya papansinin.
    c. Aasarin ko siya.

## GAWAIN BILANG 1

Panuto:

Kulayan ng pula ang loob ng puso  ng pangungusap na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa at kulayan naman ng itim ang loob ng puso  ng pangungusap na hindi nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.

 1. Pagtulong sa batang nadapa.

 2. Panunukso sa mga kamag-aral.

 3. Pagtulong sa magulang sa mga gawaing bahay.

 4. Pagpapahiram ng lapis sa kamag-aral.


 5. Pananakit sa mga kalaro.


## GAWAIN BILANG 2

Panuto:

Isulat sa loob ng puso ang mga katangian na nagpapakita ng pagkakaroon ng malasakit sa kapwa, at isulat naman sa loob ng kahon ang mga katangian na hindi nagpapakita ng pagkakaroon ng malasakit sa kapwa.

| | |
|---|---|
| Madamot | Makasarili |
| Mapagbigay | Magagalitin |
| Matulungin | Mapanghamak |
| Mapagmahal | Maunawain |





## SUSI SA PAGWAWASTO

### I. ANO ANG NANGYARI?

1. x 2. / 3. x 4. / 5. /

### II. ANO ANG DAPAT MALAMAN?

| A. | | B. | |
| --- | --- | --- | --- |
| 1. | C | 1. | C |
| 2. | A | 2. | A |
| 3. | B | 3. | C |
| 4. | B | 4. | A |
| 5. | A | 5. | A |


### III. ANO ANG NATUTUNAN?

1. A 2. C 3. B 4. C 5. A

### GAWAIN BILANG 1

1.  2.  3.  4.  5. 

### GAWAIN BILANG 2



## Talahulugan

bitbit – dala; karga

kapwa – katulad; kagaya
kinagigiliwan – kinatutuwaan
klinika – silid-gamutan

mapanghamak – mapanglait; mapagmaliit

nahulog – nalaglag

## Bibliograpiya

### Aklat

Zapanta, Bernadette D., Manalang, Myrna L., Rivera, Sylvia L., at Dizon, Cristina L.. Edukasyon sa Pagpapakatao. Pasig City: Vibal Publishing House, Inc. 2013.

### Website

www.google.com

# PASASALAMAT

Ang may akda ay nais magpaabot ng taos-pusong pasasalamat sa mga taong naging dahilan upang malikha ang Self-Learning Kit na ito.

Unang-una sa Panginoon na gumabay at nagbigay sa akin ng lakas at talino na kinailangan ko upang matagumpay na malikha ang Self-Learning Kit na ito.

Sa aking mga magulang na umintindi at sumuporta sa akin.

Sa aking superbisor na si Dr. Edna Severo na nagtiwala na makakaya kong gumawa ng isang Self-Learning Kit.

Sa aking punong guro na si Enrico Laxamana na sumuporta, gumabay at tumulong sa akin.

Sa aking mga kasamahang guro na nagbahagi sa akin ng kanilang mga kaalaman upang makumpleto at mapabuti ang Self -Learning Kit na ito.

Inaalay ko sa inyo ang aking tagumpay. Maraming salamat po!

Ang May-Akda

**This material was contextualized by the**
**Curriculum and Learning Management Division (CLMD) – Learning Resource Management and Development System (LRMDS)**
**Department of Education**

**DIVISION OF PAMPANGA**

**LEONARDO D. ZAPANTA, Ed.D., CESO VI**
OIC-Schools Division Superintendent

**LEONARDO C. CANLAS, Ph.D., CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent

**CELIA R. LACANLALE, Ph.D.**
OIC Chief-Curriculum Implementation Division

**CORNELIUS F. DUCUT**
LRMDS, Division Education Program Supervisor

**LEANDRO C. CANLAS, Ed.D.**
EPP, Division Education Program Supervisor

**ALVIN L. LUMBA**
Layout Artist/Illustrator/Writer

**REGION III OFFICE**

**MALCOLM S. GARMA, CESO V**
Director III
OIC-Regional Director

**NICOLAS T. CAPULONG, Ph. D., CESO V**
Schools Division Superintendent
OIC-Assistant Regional Director

**ELIZABETH M. PERFECTO, Ed. D.**
Chief, CLMD

**MA. EDITHA R. CAPARAS, Ed. D.**
LRMDS, Regional Education Program Supervisor

**Habang bata ka pa dapat mayroon ka nang malasakit sa iyong kapwa dahil isa ito sa mga mabubuting ugali na dapat taglayin ng isang tao.**

**Paano mo maipakikita ang iyong pagmamalasakit sa kapwa?**

**Sa Self-Learning Kit na ito malalaman mo ang iba't ibang paraan upang maipakita mo ang iyong pagmamalasakit sa kapwa.**

Curriculum and Learning Management Division (CLMD)
Learning Resource Management and Development System (LRMDS)
Department of Education
Regional Office III
Apalit District
Macario Arnedo Elementary School